



Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Sa ating pang-araw-araw na buhay, hindi natin napapansin na tayo ay gumagamit ng mga hugis. Paano mong ilalarawan ang hugis ng iyong kwaderno? Kapareho ba iyon ng hugis ng modyul na ito? Ano ang hugis ng isang bahay? Ilang gilid mayroon ito? Ang mga ito ay ilan lamang sa mga katanungang sasagutin ng modyul na ito.



Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, maaari mo nang:

- ◆ matukoy ang iba't ibang uri ng linya;
- ◆ maipaliwanag ang konsepto ng pagkakalapat (*congruence*);
- ◆ mabigyang-kahulugan ang mga rey (*rey*), anggulo, patag at hugis na may puwang; at
- ◆ matukoy ang iba't ibang uri ng anggulo, hugis na patag at hugis na may puwang.



Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulang pag-aaralan ang modyul na ito, gawin mo muna ang simpleng pagsusulit na ito upang malaman mo kung ano na ang iyong nalalaman tungkol sa paksa.

A. Isulat ang **T** sa patlang kung ang pangungusap ay tama at **M** kung ito ay mali.

- _____ 1. Ang ispir ay walang ilalim.
- _____ 2. Ang dalawang linya ay magkalapat (*congruent*) kung pareho ang kanilang sukat.
- _____ 3. Ang poligon na may apat na magkakaparehong sukat ng gilid ay tinatawag na parihaba.
- _____ 4. Ang lahat ng prisma ay kiyub.
- _____ 5. Ang linya ay walang simula at walang katapusan.

B. Bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang.

1. Ang _____ ay may dalawang pabilog na ilalim.
 - a. kono
 - b. bilog
 - c. silinder
 - d. ispir
2. Ang _____ ay may tatlong gilid at tatlong kanto.
 - a. tatsulok
 - b. parisukat
 - c. parihaba
 - d. tropezoyd
3. Ang _____ ay may apat na gilid na magkakasukat at apat na sulok.
 - a. parihaba
 - b. parisukat
 - c. tropezoyd
 - d. *rhombus*
4. Ang mga hugis na may tatlong dimensyon ay tinatawag na _____
 - a. tatsulok
 - b. kono
 - c. hugis na may puwang
 - d. hugis na patag
5. Ang dalawang bahagi ng linya (*line segment*) ay _____ kapag ang kanilang sukat ay magkatulad.
 - a. magkatumbas
 - b. magkalapat
 - c. magkatulad
 - d. magkatabi (*adjacent*)

Nakuha mo bang lahat ang tamang sagot? Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 28.

Kung nakuha mong lahat nang tama, napakahusay! Ito ay nangangahulugang marami ka nang nalalaman ukol sa mga paksang ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul upang mapagbalik-aralan mo ang iyong mga nalalaman.

Kung mababa naman ang iyong nakuha, huwag mag-alala. Nangangahulugan lamang ito na ang modyul na ito ay para sa iyo. Makatutulong ito sa iyo upang maunawaan ang mahahalagang konseptong maaari mong gamitin sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung masusi mong pag-aaralan ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sagot sa lahat ng mga katanungan sa pagsusulit at marami pang iba. Handa ka na ba?

Maaari mo nang ilipat sa susunod na pahina upang simulan ang Aralin

1.

Mga Guhit at Anggulo




Matapos mong pag-aralan ang araling ito, maaari mo nang:

- ◆ maibigay ang kahulugan ng isang linya;
- ◆ maipaliwanag ang konsepto ng pagkakalapat;
- ◆ maibigay ang kahulugan ng mga rey at anggulo; at
- ◆ matukoy ang iba't ibang uri ng mga anggulo.




Subukan Natin Ito


Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Sabihin kung anong uri ng guhit ang mga nasa larawan mula sa listahang kasunod nito.



D.



E.




1. mga linyang tuwid
 - a. mga linyang paralel
 - b. mga linyang magkabagtas (*intersecting lines*)
 - c. mga linyang perpendikular
2. mga guhit na nakakurba

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot ko sa ibaba.

1. Lahat ng mga linya sa titik A hanggang D ay mga tuwid. Ang mga linya sa B ay linyang paralel, ang mga linya sa C ay linyang magkabagtas at ang mga nasa D ay linyang perpendikular.
2. Ang mga guhit sa titik E ay nakakurba.

Katulad ba ng sa akin ang iyong mga sagot? Kung ganoon, mahusay. Marunong ka nang tumukoy ng iba't ibang mga linya. Kung hindi naman, ay pagtuunan mo ng pansin ang araling ito upang marami kang matututuhan tungkol sa mga guhit.




Alamin Natin

Pamilyar ka na ba sa mga linya at sa iba't ibang mga uri nito? Natukoy mo ba ang iba't ibang uri ng mga linya sa larawan?


Ang linya ay walang tiyak na simula at katapusan. Maaari lamang itong sukatin kapag ang **dulong-punto** (*endpoints*) nito ay ibinigay. Ang mga puntong ito na kumakatawan sa simula at katapusan ng isang linya at tinatawag na **bahagi ng linya**.

Sa nakaraang gawain, nakita mong may dalawang pangunahing uri ng mga linya—tuwid at nakakurba.




Ang mga linyang tuwid ay nahahati sa sumusunod:


1. Ang mga *linyang paralel* ay mga linya na nasa iisang kapatagan (*plane*) na magkatabi. Hindi nagsasalubong ang mga ito kahit gaano man kalayo ang kanilang marating.



2. Ang mga *linyang magkabagtas*, ay mga linyang nasa iisang kapatagan na nagtatagpo sa kahit na isang punto.



3. Ang mga *linyang perpendikular* ay linya o piraso ng linya na pumuputol ng pahati sa isa pang linya at bumubuo ng kwadradong anggulo (*right angle*).






Magbalik-aral Tayo

Alamin kung ang mga sumusunod ay mga linyang paralel, magkabagtas, o perpendikular. Isulat sa patlang ang **PA** para sa linyang paralel, **M** para sa linyang magkabagtas at **PE** para sa linyang perpendikular.


_____ 1.




_____ 2.




_____ 3.



_____ 4.



_____ 5.



Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 28. Nakuha mo bang lahat ang mga tamang sagot?




Pag-isipan Natin Ito

Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng salitang *pagkakalapat*? Tumutukoy ito sa kalidad ng pagiging magkasang-ayon. Ano ang ibig sabihin nito? Ipagpatuloy mo ang pagbabasa upang iyong malaman.



Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Tingnan ang mga linya na nakalarawan sa ibaba. Subukan mong sukatin ang mga ito ng ruler. Pareho ba sila ng sukat?




Oo, magkapareho sila ng sukat! Kung gayon, masasabi natin na ang bahaging linya na \overline{AB} o \overline{AB} ay kalapat ng \overline{CD} .



Pag-isipan Natin Ito


Tingnan mo ang orasan sa ibaba. Alam mo ba kung saan nakalagay ang mga kamay nito? Ano ang ipinaaalala ng mga ito sa iyo?



Ang mga kamay ng orasan ay halimbawa ng mga rey, mga linyang may simula ngunit walang tiyak na katapusan. Maaari silang magpatuloy-tuloy sa isang direksiyon. Bumubuo sila ng anggulo kapag nagsalubong sila sa isang punto katulad ng mga kamay sa mukha ng orasan.

Alam mo ba kung anong anggulo ang ipinakikita ng mga kamay ng orasan sa itaas?


Kung ang iyong isasagot ay mabubuo ang anggulong bika (*obtuse angle*), tama ka. Kung hindi naman tama ang sagot mo, ipagpatuloy mo ang pagbabasa upang matutuhan mo ang tungkol sa mga anggulo at ang iba't ibang mga uri nito.




Alamin Natin

Ano nga ba ang anggulo? Ang anggulo ay ang pigurang nabubuo kapag ang dalawang rey o linya ay nagtatagpo sa isang punto. Kabilang sa mga uri nito ay:


1. **Anggulong akyut (*acute angle*)** – Ang anggulong ito ay may sukat na mas kaunti sa 90° .




2. **Anggulong kwadrado** – Ang anggulong ito ay may sukat na eksaktong 90° .



3. **Anggulong bika** – Ang anggulong ito ay may sukat na higit sa 90° subalit mas kaunti sa 180° .




4. **Anggulong tuwid** – Ang anggulong ito ay may sukat na eksakto sa 180° .





Subukan Natin Ito

Tingnan ang larawan sa ibaba. Tukuyin kung anong uri ng anggulo ang mga nabanggit.



- _____ 1. $\angle CAB$
- _____ 2. $\angle GIH$
- _____ 3. $\angle NPO$
- _____ 4. $\angle BCE$
- _____ 5. $\angle JLK$

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 28. Nakuha mo bang lahat ang mga sagot?



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Pagtugmain ang hanay A sa hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

	A	B
_____	1. Ang pigurang walang tiyak na simula at katapusan.	a. anggulong perpendikular
_____	2. Dalawang linyang hindi kailanman magsasalubong kahit gaano man sila kahaba.	b. rey c. anggulong bika d. paralel
_____	3. Dalawang linyang bumubuo ng anggulong may sukat na 90°	e. pagkakalapat f. anggulong
_____	4. Dalawang linyang nagsasalubong sa isa't isa sa kahit na anong punto.	kwadrado g. linyang magkabagtas
_____	5. Tumutukoy ito sa kalidad nang pagiging magkasang-ayon.	h. anggulong akyut i. anggulong
_____	6. Ang linyang may simula ngunit walang tiyak na katapusan.	tuwid j. linya
_____	7. Ang anggulong may sukat na mas kaunti sa 90° .	
_____	8. Ang anggulong may sukat na eksakto sa 180° .	
_____	9. Ang anggulong may sukat na higit sa 90° ngunit mas kaunti sa 180° .	
_____	10. Ang anggulong may sukat na eksakto sa 180° .	

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 29. Nakuha mo bang lahat ang tamang sagot? Kung gayun, napakahusay! Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na aralin. Kung hindi naman, ay pagbalik-aralan mo lamang ang mga bahagi ng modyul na hindi mo lubos na naunawaan bago ka magpatuloy sa Aralin 2.



Tandaan Natin

- ◆ Ang linya ay walang tiyak na simula at katapusan.
- ◆ Ang dalawang pangunahing uri ng linya ay ang linyang tuwid at ang linyang nakakurba.
- ◆ May tatlong uri ng linyang tuwid—ang linyang paralel, ang linyang magkabagtas at ang linyang perpendikular.
- ◆ Ang salitang pagkakalapat ay tumutukoy sa kalidad ng pagiging magkasang-ayon.
- ◆ Ang apat na pangunahing uri ng anggulo ay: ang anggulong akyut, kwadrado, bika at tuwid.

Hugis na Patag



Matapos mong pag-aralan ang araling ito, maaari mo nang:

- ◆ matukoy ang iba't ibang uri ng mga hugis na patag;
- ◆ mabanggit ang pagkakaiba ng isang uri ng hugis na patag sa isa pa; at
- ◆ matiyak kung ang dalawang ibinigay na mga hugis na patag ay magkalapat o hindi.



Pag-isipan Natin Ito


Tingnan mo ang mga larawan sa ibaba. Pamilyar ka ba sa iba't ibang uri ng mga hugis na patag? Anu-anong mga hugis na patag ang nakikita mo sa mga larawan sa ibaba? Isulat ang mga pangalan sa mga patlang.



1. _____
2. _____
3. _____
4. _____

5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____


Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 29. Nakuha mo bang lahat ang mga sagot?




Alamin Natin

Maraming iba't ibang uri ng hugis na patag ngunit pagtutuunan lamang natin ng pansin ang mga sumusunod sa ating pagtatalakay.


1. *Tropezoyd* – ang pigura o hugis na may apat na panig na ang dalawang panig lamang ang paralel.




2. *Paralelogram* – kwadrelateral na may dalawang pares na magkasalungat na panig na paralel.



3. *Rhombus* – isang paralelogram na may apat na gilid na magkakapantay-pantay at kung minsan ay walang anggulong kwadrado.



4. *Parihaba* – isang paralelogram na ang lahat ng anggulo ay kwadrado.




5. *Parisukat* – isang pararelogram na may apat na gilid na magkakapantay-pantay ang sukat.




6. *Poligon* – isang saradong hugis o pigurang nabubuo ng mga linyang tuwid.


- a. *Tatsulok* – poligonong may tatlong panig at tatlong anggulo




b. *Pentagon* – poligonong may limang panig at limang anggulo.




c. *Heksagon* – poligonong may anim na panig at anggulo.




d. *Oktagon* – poligonong may walong panig at anggulo.



7. *Bilog* – isang saradong hugis na patag na ang bawat punto ay may distansiyang magkakapareho mula sa isang punto sa loob ng kurba.



8. *Biluhaba (oblong)* – isang hugis na patag na naiiba sa isang parisukat, bilog o ispir sa pamamagitan ng pagpapahaba ng isang dimensiyon.





Subukan Natin Ito

Gumuhit ka ng iyong sariling larawang katulad ng nasa pahina 12 na ginagamit ang lahat ng mga hugis na iyong natutuhan. Gamitin mo ang puwang na nakalaan sa ibaba para sa iyong larawan.

Ipakita mo ang iyong larawan sa iyong *Instructional Manager* upang malaman kung ito ay tama. Humingi ka ng puna o komentaryo mula sa kanya bago ka magpatuloy sa susunod na bahagi ng aralin.



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Hanapin mo ang pangalan ng sumusunod na hugis na patag sa *puzzle* sa ibaba.

tropezoyd paralelogram biluhaba bilog pentagon
 rhombus parihaba parisukat tatsulok heksagon

T	R	O	P	E	Z	O	Y	D	A	B	C
A	D	E	A	F	G	H	I	J	K	L	F
T	P	A	R	I	H	A	B	A	U	L	C
S	O	P	A	Q	R	S	T	U	V	W	E
U	D	B	I	L	U	H	A	B	A	X	I
L	B	C	B	D	E	F	G	H	I	J	I
O	B	P	A	R	I	S	U	K	A	T	C
K	I	K	L	L	M	S	N	O	P	Q	C
U	N	R	H	O	M	B	U	S	Z	A	F
L	J	V	G	H	E	K	S	A	G	O	F
O	P	A	R	A	L	E	L	O	G	R	A

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 30. Nakuha mo bang lahat ang tamang sagot? Kung gayun, napakahusay! Maaari ka nang magtungo sa susunod na aralin. Kung hindi naman ay pagbalik-aralan mo ang bahagi ng araling hindi mo lubos na naunawaan bago ka pumunta sa Aralin 3.



Tandaan Natin

- ◆ Kabilang sa mga pinakakaraniwang hugis na patag ay ang mga sumusunod:
 1. tropezoyd
 2. paralelogram
 3. rhombus
 4. parihaba
 5. parisukat

6. tatsulok
7. pentagon
8. heksagon
9. bilog
10. taluhaba
11. oktagon

Hugis na May Puwang


Matapos mong pag-aralan ang araling ito, maaari mo nang:

- ◆ mabigyang-kahulugan kung ano ang mga hugis na may puwang; at
- ◆ matukoy ang iba't ibang uri ng mga hugis na may puwang.




Pag-isipan Natin Ito

Tingnan ang mga sumusunod na pangkaraniwang bagay na pambahay. Anong mga hugis na may puwang ang naaalala mo sa mga ito?



Una, kilalanin natin ang mga bagay na nasa itaas. May makikita kang pitsel, kahon, apa ng sorbetes at bola. Ang pitsel ay isang halimbawa ng silinder. Ang kahon ay isang halimbawa ng kiyub. Ang apa ng sorbetes ay isang halimbawa ng kono. Panghuli, ang bola ay isang halimbawa ng ispir.


Tama bang lahat ang mga sagot mo? Bakit hindi mo ipagpatuloy ang pagbabasa upang mas marami ka pang matutuhan tungkol sa mga hugis na may puwang.




Alamin Natin

Ang mga hugis na may puwang o pigurang may tatlong dimensiyon ay mga pigurang may lalim bukod sa taas at lapad nito. Kabilang sa mga simple at karaniwang hugis na may puwang ay ang kiyub, ispir, silinder, prisma, kono at piramid.


1. **Kiyub** – ito ay pigurang may tatlong dimensiyon na may anim na magkakasinglaking panig na kuwadrado. Ang isang halimbawa nito ay ang kahon.




2. **Silinder** – ito ay pigurang may dalawang paralel at magkalapat na mga ilalim. Ang halimbawa nito ay ang pitsel o baso.




3. **Ispir** – ito ay hugis na may puwang na ang lahat ng punto ay parepareho ang distansiya mula sa sentro. Ang halimbawa nito ay ang bola.




4. *Kono* – ito ay hugis na may puwang na may pabilog na ilalim at *vertex* o punto kung saan nagsasalikop ang mga panig ng isang anggulo. Ang isang halimbawa nito ay ang kono ng sorbetes.




5. *Piramid* – ito ay hugis na may puwang na may parisukat na ilalim at apat na gilid na hugis tatsulok. Ang mga halimbawa nito ay ang mga piramid na makikita sa Ehipto.



6. *Tetrahedron* – ito ay hugis na may puwang na may apat na panig. Ang bawat mukha nito ay hugis tatsulok. Ang halimbawa nito ay ang *tetra pak* na ginagamit ng ilang pang-komersiyal na inumin katulad ng *Zip*.



7. *Prisma* – ito ay hugis na may puwang na may dalawang magkalapat at paralel na ilalim na poligono. Ang pinakakaraniwang uri ng pigurang ito ay ang prismang tatsulok. Ang halimbawa nito ay ang kahong pinaglalagyan ng tsokolateng *Toblerone*.



Subukan Natin Ito

Mag-isip ka pa ng iba pang mga bagay na karaniwang may hugis na tulad ng mga napag-aralan mo. Magtala ka ng limang bagay at isulat kung ano ang hugis nila sa patlang.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____







Ipakita mo sa iyong *Instructional Manager* ang iyong mga sagot. Humingi ka ng mga puna o komentaryo mula sa kanya bago ka magpatuloy.



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Pagtambalin ang mga larawan sa hanay A sa kanilang mga pangalan sa hanay B sa pamamagitan ng pagguguhit.

A



B

Ispir

Tetrahedron

Silinder

Prismang tatsulok

Piramid

Kiyub

Kono

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 30–31. Nakuha mo bang lahat ang mga sagot? Kung ganoon, napakahusay! Kung hindi naman, huwag kang mag-alala. Pagbalik-aralan mo lamang ang mga bahagi ng aralin kung saan ka nagkamali bago ka magpatuloy sa susunod na bahagi ng modyul.



Tandaan Natin

- ◆ Kabilang sa mga pinakakaraniwang hugis na may puwang ang mga sumusunod:
 1. kyub
 2. silinder
 3. ispir
 4. kono
 5. piramid
 6. tetrahedron
 7. prisma

Natapos mo na ang modyul na ito. Binabati kita sa iyong pagtatapos. Nagustuhan mo ba ito? Mayroon ka bang natutuhang kapaki-pakinabang dito? Makikita mo sa ibaba ang buod ng mga pangunahing kaisipan sa modyul na ito.



Ibuod Natin

Natutuhan mo sa modyul na ito na:


- ◆ Ang guhit ay walang tiyak na simula at katapusan.
- ◆ Ang dalawang pangunahing uri ng linya ay ang linyang tuwid at linyang nakakurba.
- ◆ May tatlong uri ng linyang tuwid—linyang paralel, linyang magkabagtas at linyang perpendikular.

- ◆ Ang salitang pagkakalapat ay tumutukoy sa kalidad ng pagiging magkasang-ayon.
- ◆ Ang apat na pangunahing uri ng anggulo ay ang akyut, kwadrado, bika at tuwid na anggulo.
- ◆ Kabilang sa pinakakaraniwang hugis na patag ay ang sumusunod:
 1. tropezoyd
 2. paralelogram
 3. rhombus
 4. parihaba
 5. parisukat
 6. tatsulok
 7. pentagon
 8. heksagon
 9. oktagono
 10. bilog
 11. taluhaba
- ◆ Kabilang sa pinakakaraniwang hugis na may puwang ay ang sumusunod:
 1. kiyub
 2. silinder
 3. ispir
 4. kono
 5. piramid
 6. tetrahedron
 7. prisma



Anu-ano ang Iyong mga Natutuhan?

Buuin ang sumusunod na palaisipan na gumagamit ng ibinigay na mga palatandaan.



Pahalang

1. Mga guhit na hindi kailanman magsasalubong
3. Isang hugis na may puwang na ang lahat ng punto ay pareho ang distansiya mula sa sentro
7. Figurang may apat na panig na dalawa lamang ang panig na paralel.
9. Guhit na nagsasalubong sa isang punto.
10. Figurang may dalawang paralel at magkalapat na mga ilalim.
12. Poligon na may anim na panig.
14. Hugis na may puwang at may pabilog na ilalim kung saan nagsalikop ang mga panig ng isang anggulo.

Pababa

2. Anggulong may sukat na mas kaunti sa 90° .
4. Mga linyang nabubuo ng anggulong may sukat ng 90° kapag sila ay nagtagpo.
5. Isang paralelogram na may apat na pantay-pantay na gilid at kung minsan ay walang anggulong kwadrado.
6. Kwadrilateral na may magkasalungat na panig na paralel at magkapantay.
8. Pigurang may tatlong dimensyon na may anim na magkakatugmang panig na parisukat.
11. May dalawang magkalapat at paralel na ilalim na poligon.
13. Poligon na may apat na magkakasukat na panig.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 31.



Batayan sa Pagwawasto

A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? (pp. 1–2)

- A. 1. T
- 2. T
- 3. M
- 4. M
- 5. T
- B. 1. c
- 2. a
- 3. b
- 4. c
- 5. b

B. Aralin 1

Magbalik-aral Tayo (pahina 6)

- 1. PE
- 2. PA
- 3. M
- 4. PE
- 5. M

Subukan Natin Ito (pahina 9)

- 1. bika
- 2. kwadrado
- 3. kwadrado
- 4. kwadrado
- 5. akyut

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 10)

1. j
2. d
3. a
4. g
5. e
6. b
7. h
8. f
9. c
10. i

C. Aralin 2

Pag-isipan Natin Ito (pahina 12)



1. tropezoyd
2. pentagon
3. parisukat
4. tatsulok
5. parihaba
6. bilog
7. taluhaba
8. heksagon
9. rhombus
10. oktagon

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 17–18)



T	R	O	P	E	Z	O	Y	D	A	B	C
A	D	E	A	F	G	H	I	J	K	L	F
T	P	A	R	I	H	A	B	A	U	L	C
S	O	P	A	Q	R	S	T	U	V	W	I
U	D	B	I	L	U	H	A	B	A	X	I
L	B	C	B	D	E	F	G	H	I	J	I
O	B	P	A	R	I	S	U	K	A	T	C
K	I	K	L	L	M	S	N	O	P	Q	C
U	N	R	H	O	M	B	U	S	Z	A	F
L	J	V	G	H	E	K	S	A	G	O	M
O	P	A	R	A	L	E	L	O	G	R	A

D. Aralin 3



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 23–24)




Kiyub





Silinder




Ispir



Kono



Piramid



E. Anu-ano ang Iyong mga Natutuhan? (pp. 26–27)

¹ P A ² R A L E L																			
	K																		
	Y																		⁸ K
	U																		I
		⁷ T	R	O	⁶ P	E	Z	O	Y	D		³ I	S	⁴ P	I	⁵ R			
					A									E	H				
					R									R	O				
					A									P	M				
					L									E	B				¹¹ P
					E									N	U				R
					L									D	¹⁰ S	I	L	I	N
														I					D
																			E
¹² H	E	K	S	A	G	O	N												R
					G														I
					R														S
					A														M
						⁹ M	A	G	K	A	B	A	G	T	A	S			A
																			S
																			U
																			K
																			A
																			T



Mga Sanggunian

- Integrated Publishing. (1998). *Chapter 17: Plane Figures*. <http://www.tpub.com/math1/18.htm>. August 28, 2001, date accessed.
- Joyce, D.E. (1996). *Euclid's Elements Book I*. Clark University. <http://aleph0.clarku.edu/~djoyce/java/elements/bookI/bookI.html>. August 28, 2001, date accessed.
- Lesson Two: The Area of Rectangles*. <http://www.icubed.com/%7Ejkearns/121/lesstwo.htm>. August 28, 2001, date accessed.
- Lines and Angles*. <http://practice.satmath.com/sat1/tutorial/section10/p1.html>. August 28, 2001, date accessed.
- Loy, Jim. (1997). *Congruence of Triangles*. <http://www.mcn.net/~jimloy/congruen.html>. August 28, 2001, date accessed.
- Motyka, Mark. (2001). *Space Figures and Basic Solids*. Math League Multimedia. <http://www.mathleague.com/help/geometry/3space.htm>. August 28, 2001, date accessed.
- Acelajado, M. at Garcia, L. *Terminolohiyang Pangmatematika*. De La Salle University Press, Inc. 2001.